## CODE-NGO Social Development Celebration 2010
## "Kasali Ako sa Pagbabago!" Poetry Contest

## <u>SECOND PRIZE WINNER</u>

### *Para sa Pagbabago, Walang Pagitan ang Relihiyon at Pag-ibig*

ni: Allan Lenard Ocampo, 24 years old,

(Title of reference photo: *Diversity of Love)*

Maglumiwanag sana ang tanglaw ng mga salitang nailimbag
sa puso mo munting anghel,
Pagka't batid kong may pagdarahop sa lansangan ng buhay,
Lipos sa pakikibaka't walang gabay
Tulad mo, nagisnan ko ang pag-aaklas at digmaan
ng kapalaran
Kung kaya't makinig kang masinsin, liyag kong anghel
ikintal sa diwa mo ang aral sa lumang papel
Tulad ng namumutawi sa iyong musmos na tinig
Ako'y narito, nakikinig upang ituwid
Ang kamalian sa pagbigkas,
At huwag mo sanang ipintas
Ang kulay, relihiyon ko't paniniwala
'Pagkat bukal at mataos ang aking adhika,
Sa mata ni Bathala, tayo'y pantay-pantay
Kung kaya't makinig kang masinsin, liyag kong anghel
Ang kinabukasan mong mithi ay nasa iyong mga palad
At ako, nawa'y maging gabay sa iyong pag-unlad
Kahit sa mumunting bagay man,
hayaan mong magsindi ako ng liwanag sa iyong puso,
dahil tula nila,
hindi ako naiiba
Aking munting anghel.